

Waiver ng Batas ng mga Limitasyon Waiver of Statute of Limitations

Ang bawa't buwan ng hindi binayang suporta para sa anak ay nagiging isang paghatol. Ang batas ng mga limitasyon ay nagtatakda ng panahon kung kailan maaaring magpatupad o mangolekta ng paghatol. Pagkatapos pairalin ang batas ng mga limitasyon, "nawawalan ng bisa" ang pagkakautang at hindi na maaaring ipatupad. Ang batas ng mga limitasyon para sa pagkakautang na suporta para sa anak ay depende sa maraming kadahilanan, tulad ng petsa na ipinasok ang kautusan para sa suporta, kung saan ipinasok ang kautusan para sa suporta, at kung saan naganap ang pagpapatupad ng pagkilos. Maaaring naisin ninyong humanap ng legal na payo sa estado ng inyong pagkakautang na suporta at ang batas ng mga limitasyon na naaangkop sa inyong kautusan para sa suporta.

WAIVER

Sa pagsasaalang-alang para sa binawasan o ipinagpaliban na plano ng pagbabayad, sumasang-ayon akong talikdan ang pagdepensa sa anumang batas ng mga limitasyon sa pagkolekta ng suporta para sa anak na dapat kong bayaran. Kung dapat kong bayaran ang suporta para sa asawa ng isa pang magulang ng sinumang anak na pinangalanan sa waiver na ito, maaapektuhan rin ng waiver ang suporta para sa asawa na dapat bayaran para sa magulang na iyon. Naaapektuhan ng waiver na ito ang aking pagkakautang na suporta para sa sumusunod na mga bata:

Naaangkop ang waiver na ito sa:

1. Anumang pagkakautang na suporta na nakatakdang bayaran ngayon o sa hinaharap. Kasama dito ang suporta para sa anak, suporta para sa pangangalaga ng anak, medikal na suporta, at suporta para sa asawa (sustento) kung inutos at kung ipinapatupad ng DCS ang kautusan para sa suporta sa aking anak.
2. Aumang pagdepensa sa batas ng mga limitasyon na ginawa ng RCW 4.16.020, RCW 4.56.210, o RCW 6.17.020.
3. Anumang ibang batas ng Estado ng Washington o batas ng isa pang estado na naglilimita sa panahon na maaaring kolektahin ng DCS ang aking pagkakautang na suporta.

Hindi ibinabalik ng waiver na ito ang anumang mga paghatol na hinahadlangan ngayon ng anumang batas. Hindi maaaring kolektahin ng DCS ang anumang pagkakautang na suporta na nawala na sa batas ng mga limitasyon. Hindi ako pinahihintulutan ng waiver na ito na magbayad ng mas mababa kaysa sa aking buong kasalukuyang obligasyon sa suporta. Pinahihintulutan ng waiver na ito na mangolekta sa akin ang DCS hanggang sa mabayaran ko nang buo ang aking pagkakautang na suporta. Pinapanatili ng waiver na ito ang pagkakautang na suporta mula sa pagkawala dahil sa batas ng mga limitasyon nguni't hindi nito nililimitahan ang anumang ibang mga pagdepensa. Pinahihintulutan ako ng RCW 74.20A.220 na gawin ang waiver na ito.

Nananatiling may bisa ang waiver na ito hanggang ilabas ito sa sulat ng DCS.

Pinirmahan sa _____, Washington.

PETSA

PIRMA

Ibalik sa:

DIVISION OF CHILD SUPPORT
PO BOX 11520
TACOMA WA 98411-4420
Fax: 866-668-9518

Sa pagsagot, tukuyin ang mga bilang ng kaso:

Walang taong didiskriminahan dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, paniniwala, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan, sa trabaho, mga serbisyo, o anumang aspeto ng mga aktibidad ng programa. Makukuha ang form na ito sa mga alternatibong ayos kapag hiniling ito.